

Department of Developmental Services
Proseso ng Paghahain ng Reklamong Pang-whistleblower Patungkol sa Sentrong Pangrehiyunal o Maglalako/Kontratista at Impormasyon ng Kontak

Kahulugan ng Mga Reklamong Pang-whistleblower patungkol sa Sentrong Pangrehiyunal o Maglalako/Kontratista:

Ang mga reklamong Pang-whistleblower patungkol sa Sentrong Rehiyunal o Maglalako/Kontratista ay tinutukoy bilang pagbibigay-alam ng “hindi tamang mga gawain sa sentrong pangrehiyunal o ng maglalako/kontratista”.

- Ang “hindi tamang gawain sa sentrong pangrehiyunal o ng maglalako/kontratista” ay nangangahulugan na ang gawain ng sentrong pangrehiyunal, o ng empleyado, o opisyal, o miyembro ng lupon ng isang sentrong pangrehiyunal, sa pangangasiwa ng kalakal ng sentrong pangrehiyunal, na isang paglabag sa pang-estado o pampederal na batas o regulasyon; paglabag sa probisyon ng kontrata; pandaraya o pagkakasala kaugnay ng pampublikong pera (fiscal malfeasance); maling paggamit ng ari-arian ng gobyerno; o binubuo ng malubhang maling pangangasiwa, walang kakayanan o walang kasanayan.
- Ang isang “hindi tamang gawain ng maglalako/kontratista” ay nangangahulugan na ang gawain ng maglalako/kontratista, o ng empleyado, o opisyal, o miyembro ng lupon ng isang maglalako/kontratista, sa probisyon ng pinondohang serbisyo ng DDS, na isang paglabag sa pang-estado o pampederal na batas o regulasyon; paglabag sa probisyon ng kontrata; pandaraya o pagkakasala kaugnay ng pampublikong pera ; maling paggamit ng ari-arian ng gobyerno; o binubuo ng malubhang maling pangangasiwa, walang kakayanan o walang kasanayan.

Ang Department of Developmental Services (DDS) ay may iba-ibang uri ng proseso ng pagsusumbong at pag-apila na magagamit ng mga maglalako/kontratista, mga ahensya, mga pasilidad, mga magulang, at ng mga mamimili. Kabilang sa mga ito ang Consumer Rights Complaints; Early Start Complaints, Due Process Requests, at Mediation Conference Requests; Lanterman Act FairHearing Requests; Title 17 Complaints; Citizen Complaints and Comments (tingnan ang <http://www.dds.ca.gov/Complaints/Home.cfm> para sa listahan). Bawat isa sa mga proseso ng pagrereklamo at pag-apila ay may hiwalay at natatanging proseso para sa resolusyon. Ang direktibang prosesong ito ay mauugnay lamang sa mga reklamong Pang-whistleblower patungkol sa Sentrong Pangrehiyunal o Maglalako/Kontratista gaya ng nailarawan sa itaas.

Pagkakumpidensyal

Gagawin ng Department of Developmental Services (DDS) ang lahat upang mapanatili ang pagkakumpidensyal ng isang magsusulong na nagsasagawa ng reklamong pang-

whistleblower kung ang magsusuplong ay humiling ng pagkakumpidensyal. Subalit sa mga bihirang pagkakataon kung saan ang DDS ay hindi mapanatili ang pagkakumpidensyal dahil sa mga responsibilidad nito ayon sa batas (kabilang ang pagtitiyak ng kalusugan at kaligtasan ng mga mamimili at ang pagsunod sa kontrata ng sentrong pangrehiyunal), susubukan ng Departamento na ipaalam sa magsusuplong ang pangangailangan na ilantad ang ilang mga impormasyon bago magbitiw ng mga impormasyong pagkakakilanlan. Bukod pa, ang pagkakakilanlan ng magsusuplong ay maaring ilantad sa mga angkop na ahensiya ng pagpapatupad ng batas na nagsasagawa ng kriminal na imbestigasyon.

Tungkol sa Paghahain ng Reklamo

Kakailanganin namin ang malinaw at nasa puntong salaysay ng mga hindi tamang gawain at ang anumang ebidensya na mayroon ka na susuporta sa iyong mga paratang.

Kung hindi ka magbibigay ng pangalan o iba pang impormasyon (mga saksi o mga dokumento) na malinaw na kumikilala sa taong iyong pinaparatangan na gumawa ng hindi tama, at sa sentrong pangrehiyunal o maglalako/kontratista kung saan ang taong iyon ay nagtatrabaho, maaring hindi kami magkaroon ng sapat na impormasyon para mag-imbestiga. Ang mga kopya ng mga dokumento, kaysa sa orihinal, ang dapat na isumite, dahil hindi na ibabalik pa ang mga ito.

Bagaman ang mga reklamo ay maaring ihain nang walang pagkikilanlan, kung hindi sapat ang impormasyong naibigay at wala kaming paraan para makontak ka, maaring hindi namin maimbestigahan ang iyong mga paratang.

Paano maghain ng Reklamong Pang-whistleblower:

Ang reklamo ay maaring ihain sa pamamagitan ng pagkontak sa:

- Community Operations Division

(916) 651-6309

(916) 654-3641 FAX

1215 O Street, MS 8-20
Sacramento, CA 95814